

NARITO KAMI PARA TUMULONG

Nakikita mo ba ang iyong sarili (o nakikita ba ng iyong anak ang kanilang sarili) bilang isang transgender, hindi binary, o gender-diverse?

Nahihirapan ka bang maunawaan ang iyong kasarian o suportahan ang isang kapamilya sa kanilang kasarian? Hindi ka nag-iisa. Narito ang Partnership HealthPlan of California para tulungan kang makuha ang pangangalaga at suporta na kailangan mo. Kami ang iyong kasosyo sa kalusugan, mula sa pang-araw-araw na mga isyu hanggang sa mga pangangailangan na may kaugnayan sa kasarian.



PAGTANGGAP NG PANGANGALAGA

Sinasaklaw ng Partnership ang lahat ng medikal na kinakailangang saklaw ng Medi-Cal na pangangalagang pangkalusugan para sa kasarian. Maaari kang iugnay ng Partnership sa mga doktor at espesyalista (health care experts) na maraming kaalaman tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan para sa kasarian.

Tumawag sa aming pangkat ng Koordinasyon ng Pangangalaga sa (800) 809-1350 para malaman ang higit pa.

MGA BENEPISYO

Makipag-usap sa iyong doktor (o sa doktor ng anak mo) o sa aming pangkat ng Koordinasyon ng Pangangalaga tungkol sa mga benepisyong ito na saklaw ng Partnership:

- Pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip
- Puberty blocker therapy
- Mga paggamot sa hormone
- Mga operasyon at pamamaraan

Maaari ka ring iugnay ng Partnership sa iba pang mapagkukunan at impormasyon sa kalusugan ng kasarian.

ANO ANG MAGAGAWA NG MGA NAKABABATANG MIYEMBRO

Tandaan: Para sa mga batang wala pang 12 taong gulang, kailangang tumulong ang mga pamilya sa ilan sa mga sumusunod.

- Magtakda ng mga regular na pagpapatingin sa iyong doktor.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa kalusugan ng kaisipan na may kaugnayan sa kasarian, medikal o operasyong pangangalaga. Maaaring magbigay ang iyong doktor sa iyo ng anumang mga referral para sa kinakailangang pangangalaga.
- Kung kailangan mo ng doktor, o nais mong maghanap ng bagong doktor, narito ang aming pangkat ng Mga Serbisyo Para sa ng Miyembro upang makatulong.
- Maging bukas sa mga tagapag-alaga tungkol sa iyong mga saloobin at damdamin upang maunawaan nila ang iyong pinagdadaanan. Hindi ka nag-iisa sa pag-iisip kung paano humingi ng tulong. Madali kaming makausap.
- Magkaroon ng aktibong tungkulin sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Sabihin sa iyong

doktor kung ano ang tumutulong sa iyo na makaramdam ng kaginhawahan sa panahon ng isang pagsusulit o kung ano ang iyong mga layunin na may kaugnayan sa kasarian. Mas maraming maibabahagi mo sa iyong mga pangangailangan, mas mahusay na matutulungan ka ng pangkat ng pangangalaga.

- Tuklasin ang mga magagamit na mapagkukunan. Puwede kang makahanap ng mga grupo ng suporta, legal na tulong, at higit pa sa aming webpage.

ANO ANG MAGAGAWA NG MGA PAMILYA

- Samahan ang iyong anak sa mga pagpapatingin sa doktor. Kung ang iyong anak ay 12 taong gulang o mas matanda, samahan sila sa pagpapatingin sa doktor kung gusto nilang naroon kayo. Makipag-usap sa doktor tungkol sa mga layunin. Payagan ang iyong anak o teenager na ibahagi ang kanilang damdamin at pangangailangan. Isipin ang pag-aaral kung ano ang mga pinakamahusay na termino o parirala na gagamitin upang suportahan ang iyong anak sa mga pagpapatingin sa doktor.

- Huwag kalimutang kunin ang tulong na kailangan mo! Normal lang na magkaroon ng mga tanong at maramdaman na hindi ka sigurado sa pinakamainam na paraan upang suportahan ang mga kabataan sa pamamagitan ng kalusugan ng kasarian.
- Subukang isulat kung ano ang nararamdaman mo sa isang journal kung ang pakikipag-usap tungkol sa kalusugan ng kasarian at pagkakakilanlan ng kasarian ay mahirap para sa iyo.
- Maghanap ng isang lokal o online na grupo ng suporta kung saan maaari mong makilala ang iba na maaaring may kapareho mong pinagdadaanan at nararamdaman.

I-click ang link sa ibaba o i-scan ang QR code, i-click ang iyong county, at pagkatapos ay i-click ang icon ng LGBTQ+.

www.PartnershipHP.org/Community/Pages/Community-Resources.aspx

